


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan (El Filibusterismo)
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Renato I. Molina Constancia J. Acacio	John Patrick A. Ellorin
Editor:	Evangeline E. Soriano Edmundo A. Bisquera	Joel B. Caballero
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega Gina A. Amoyen	Editha T. Giron Josephine F. Duyanen
Tagaguhit:	Abraham G. Ocan	Amy C. Agustin
Tagalapat:	Abraham G. Ocan	Gilbert R. Esguerra
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron	Fatima R. Boado Russell Jim V. Tamayo Edmundo A. Bisquera Joel B. Caballero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
El Filibusterismo**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang buhay mag-aaral! Kamusta kayo? Tiyak kong marami nang aral at impormasyon ang napulot ninyo sa mga naunang aralin. Batid kong nasisiyahan kayo sa pagsasagot kung kaya't inaasahang lalo pa ninyong paghuhusayang matapos at mapagtagumpayan ang araling ito.

Ang kakayahan ng isang tao ay hindi dapat ibinabatay sa kaniyang edad, pisikal na katangian at lalong-lalo sa kaniyang kasarian. Malimit nating naririnig na higit na dominante ang kalalakihan kaysa sa napakaraming aspeto dahil sa sinasabing mas malakas at mas may kakayahang magdesisyon kaysa sa mga kababaihan. Ngunit sa kasalukuyan, nagkakaroon ng pagbabago ang pagtingin ng ibang tao sa kakayahan ng kababaihan. Nagiging bukas tayo sa pag-unawa at pakikinig sa kanila dahil sa angking husay at galing na kanilang ipinamalas sa kanilang napiling larangan.

Matatalakay sa modyul 4 ang mga kabanata sa El Filibusterismo na may kinalaman sa tauhang si Huli tulad ng Kabanata IX, Kabanata XXX at Kabanata XXXII.

Bukod sa mga kabanata ng El Filibusterismo, layunin din ng modyul na ito na maunawaan ang dalawang uri ng paghahambing. Mahalaga ito sapagkat makatutulong upang matiyak na matatapos mo nang matagumpay ang mga gawaing nakapaloob dito.

Ang mga aral at konseptong natutuhan mula sa naunang mga aralin ay tiyak na magagamit sa araling ito.

Kaya't buksan ang iyong malawak na guni-guni at imahinasyon sapagkat atin nang aalamin ang buhay ni Huli bilang simbolo ng isang babaeng may pagmamahal sa pamilya at sa bayan.

Sa araling ito malilinang ang mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC) na:

- a) Naisasaad ang pagkamakatotohanan ng akda sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ilang pangyayari sa kasalukuyan. F10 PB-IVh-i-92
- b) Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga salitang hiram sa wikang Espanyol. F10PT-IVg-h-85
- c) Naisusulat ang maayos na paghahambing ng binuong akda sa iba pang katulad na akdang binasa. F10PU-IVg-h-88
- d) Nagagamit ang angkop na mga salitang naghahambing. F10WG-IVg-h-81




Subukin

Ang kababaihan ay namamayagpag at kinikilala sa iba't ibang panig ng mundo dahil sa kani-kanilang kahusayan sa napili nilang larangan.

Gawain 1: Ilarawan ang mga Sikat

Panuto: Ilahad kung saang larangan namayagpag ang kilalang mga personalidad sa larawan. Isulat ang sagot sa bahaging kanan ng larawan.


1.



2.




3.



Gawain 2: Pagkumparahin mo...

Tingnan natin ang husay mo sa pagkukumpara. Subukan mong isagawa ang gawain sa ibaba.

Panuto: Tukuyin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng katangian ni Donya Victorina at Pia Alba bilang mga tauhang babae sa nobelang Noli Me Tangere.




Gawain 3: Piliin sa loob ng kahon

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon

Pahambing na Di-Magkatulad	Hambingang Pasahol
Pahambing na Magkatulad	Hambingang Palamang
Pahambing o Komparatibo	Hambingang Payak

- _____ 1. Ito ay ginagamit kung naghahambing ng dalawang antas o lebel ng katangian ng tao, bagay, ideya, pangyayari at iba pa.
- _____ 2. Nagbibigay ito ng diwang pagkakait, pagtangga o pagsalungat sa pinatutunayang pangungusap.
- _____ 3. May mahigit na katangian ang inihahambing sa bagay na pinaghahambing. Gumagamit ito ng mga salitang lalo, higit/mas, labis at di-hamak
- _____ 4. Ginagamit ito kung ang dalawang pinaghahambing ay may patas na katangian.
- _____ 5. May mahigit na katangian ang inihahambing sa bagay na pinaghahambing. Gumagamit ito ng mga salitang lalo, higit/mas, labis at di-hamak.



Mahusay! Napagtagumpayan mo ang naunang aktibidad. Ipagpatuloy ang iyong husay sa pagsagot sa susunod na mga gawain. Kayang-kaya mo 'yan!

Aralin

1

Si Huli, Simbolo ng Babaeng Filipino Noon at Ngayon



Balikan

Bago magpatuloy ay tayain muna natin ang naging pag-unawa mo sa naunang aralin. Sagutin ang sumusunod na katanungan.

Kilalanin ang tauhang nagsabi ng sumusunod na mga pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang.

TATA SELO	KABESANG TALES	HULI
PRAYLE	PADRE SIBYLA	

1. “Pasensiya, Ipagpalagay mong lumaki ang buwaya.”
2. “Tayong lahat, anak ay uuwi sa lupa at ipinanganak tayong walang baro.”
3. “Naglingkod at naglilingkod pa rin ako sa hari sa pamamagitan ng aking salapi at paggawa.”
4. “Ipagpalagay mo na ang tatlungpong piso ay natalo sa sugal o kaya’y nahulog sa tubig at sinakmal ng buwaya.”
5. “Kung hindi ka magbabayad ng buwis ibang tao ang lilinang sa lupa.”



Tuklasin

Basahin at unawain ang sumusunod na mga kabanata.

Kabanata IX SI PILATO

Naging palasak ang balita sa buong bayan, sari-sari ang reaksiyon ng mga tao. Walang dapat sisihin sa pangyayaring iyon dahil walang may gusto.

Walang napansing anuman sa tinyente ng *Guardia Civil* nang tumanggap siya ng utos na samsaming lahat ang sandata at ang ganya'y tinupad niyang buong-buo. Inuusig niya ang mga tulisan kailanma't magagawa ang gayon, at nang dakpin si Kabesang Tales ay gumanap siya ng isang paglusob at iniuwi sa bayang abot-siko ang gapos ng lima o anim na magbubukid na kaniyang pinaghihinalaan, ang kung si Kabesang Tales ay hindi nakita ay sapagkat wala siya sa bulsa ni balat ng mga hinuling pinagbuti sa palo.

Ikinibit ang balikat ng uldog na tagapangasiwa ng pari; wala siyang kinalaman doon; kagagawan iyon ng mga tulisan at siya'y tumupad lamang sa kaniyang tungkulin. Tunay ngang kung hindi siya nagsumbong, ay hindi marahil sasamsamin ang mga baril at ang kawawang si Tales ay hindi marahil madarakip: ngunit siya, si Pari Clemente na iyon ay may tinging tila humahanap ng dakong patatamaan sa kaniyang katawan.

Ang pagsasanggalang sa sarili ay hindi masama. Kung may mga tulisan ay hindi niya kasalanan, hindi niya tungkulin ang usigin sila... iyo'y tungkulin ng mga *Guardia Civil*. Kung sa halip na magyaot dito si Kabesang Tales ay namalagi siya sa bahay. Hindi siya madarakip. Sa madaling sabi, parusa marahil iyon na buhat sa langit laban sa mga tumututol sa hinihingi ng korporasyon.

Si Hermana Penchang, ang matandang manang na pinaglilingkuran ni Huli na nakatatalos din sa kasawiang ito, ay “nagpasusmariyosep” nang makalawa o makatlo at saka nag-antanda; nasabi ang, “madalas ipadala sa atin ng Diyos ang ganyang parusa, pagkat tayo'y makasalanan o may mga kamag-anak tayong nagkakasala na dapat sanang turuan natin ng kabanalan, ngunit hindi natin ginagawa”. Ang mga makasalanan nating kamag-anak” ay tinutukoy kay Juliana; para sa manang, si Juli ay isang dakilang makasalanan.

“Akalain ninyong ang isang dalagang maaari nang mag-asawa ay hindi pa marunong magdasal! Hesus, kaylaking kasalanan! Sukat ba namang kung dasalin ng ulol na iyan ang *Aba Ginoong Maria* ay hindi man humihinto sa ang *Diyos ay sumasa iyo*, at ang *Santa Maria* ay hindi inihihinga pagdating sa mga makasalanan na siyang pagdarasal ang dapat gawin ng isang mabuting Kristiyanong may takot sa Diyos.

Susmariyosep! Hindi nakaalam ng dasal na *oremus gratiam*, at ang bigkas niya'y *mentibus* sa halip na *mentibus*. Ang sinumang makaririnig sa kaniya'y mag-aakalang ang sinasabi'y *suman de ibus*, susmariyosep!”

Nag-antandang parang hindi mapalagay at nagpasalamat sa Diyos sa pagkadakip kay Kabesang Tales upang mahango sa kasalanan ang anak at matuto ng kabaitan na alinsunod sa kura ay dapat taglayin ng bawat babaing Kristiyano. At dahil dito'y kaniyang pinipigil at hindi pinadadalaw sa Nayon upang kalingain ang nuno.



Si Huli ay kailangang mag-aral ng dasal, magbasa ng mga aklat na ipinamimigay ng mga pari at gumawa hanggang mabayaran ang dalawandaa't limampung piso.

Nang malamang si Basilio ay lumuwas sa Maynila upang kunin ang kaniyang natitipong kuwalta at nang matubos si Huli, ipinalagay ng matandang manang na ang kaniyang alilang babae ay tuluyan nang mabubulid sa bangin ng pagkakasala pagka't siya'y kukunin ng isang demonyong nagbalat-kayong estudyante. Nakayayamot man ay lubhang makatuwiran iyong mga munting aklat na ibinibigay sa kaniya ng kura.

Ang mga kabataang nagpupunta sa Maynila upang mag-aral ay nangasasawi at sumasawi pa ng iba. At sa pananalig na maililigtas si Huli ay ipinabasa niyang makailan ang aklat na may pamagat na Tandang Basing Makunat na inihabiling parati siyang makikipagkita sa pari sa kumbento, na katulad ng babaing pinakakapuri ng prayleng kumatha.

Samantala'y ginagalang namang mabuti ang mga pari. Nanalo na nang lubusan sa usap ay sinamantala pa ang pagkadakip kay Kabesang Tales upang ipagkaloob ang lupain nito sa isang humingi noon, isang taong walang karangalan ni kahihyan.

Nang dumating ang dating may-ari at matalos ang mga nangyari, nang makitang iba na ang may-ari ng kaniyang mga lupain, mga lupaing naging sanhi ng pagkamatay ng kaniyang asawa't anak, nang makitang napipi ang kaniyang ama, at ang kaniyang anak na dalaga ay nagpaalila at nang siya ay tumanggap na ng isang utos ng hukuman na bigay ng tinyente sa nayon, na nagsasabing alisan nila ng laman at iwan ang bahay sa loob ng tatlong araw, ay napaupo na lamang siya sa tabi ng kaniyang ama at hindi na halos nakapagsalita sa buong araw na iyon.

KABANATA XXX

SI HULI

Sari-saring balita kumalat tungkol sa pagkamatay ni Kapitan Tiyago at paghuli kay Basilio. Dinamdang ng lahat ang mga kaganapan lalo na si Huli. Nabalitaan na sa bayan ng Tiani na maaaring ipatapon ang binata at patayin. Humula ang ilan na maaaring matulad sa tatlong pari sa Cavite dahil walang masasandigan ang binata sa kaniyang kondisyon.

Si Hermana Penchang ay hindi nagtaka sapagkat inasahan niyang mangyayari ito kay Basilio. Ito ay dahil hindi niya isinawsaw ang daliri sa *agua bendita*, parusa umano ito ng Diyos. Ang mga estudyante namang hindi mahilig sa paghihimagsik ay sinabing ganti lamang ito ng korporasyon sa pagkakatubos ni Huli. Hindi totoong ayaw ni Hermana Penchang na umalis si Huli dahil ito ang nagdarasal para sa kaniya tulad ng mga Prayle.

Ang nangyari kay Basilio ay nabalitaan na ni Huli. Nawalan ng malay si Huli at nabagabag. May nagsasabing siya ang dahilan at ang kaniyang ama kaya hinuli

ang binata at lalo siyang nabagabag dahil dito. Iniisip niyang humingi ng tulong kay Padre Camorra ngunit natandaang humihingi ito ng kapalit. Ngayon ay kailangan niyang mailigtas si Basilio, ang kanyang pag-ibig.

Nakatanggap ng tulong si Huli mula sa kaniyang mga kamag-anak ngunit hindi pa umabot ng tatlumpung piso ang nalikom niya mula sa mga ito. Humingi ng tulong si Huli kay Hermana Bali ngunit bumagsak lamang siya muli kay Padre Camorra. Nangako si Hermana Bali na sasamahan niya si Huli sa pagpunta sa paring tinaguriang “kabayo”.

Hindi “nagpakasakit” si Huli nang mabilanggo ang kaniyang ama. Hindi niya kayang gawin dahil alam niyang kamumuhian siya ni Basilio at ng mga tao. Umuwi sila nang walang nangyari. Nagdamdam si Hermana Bali at sinermunan ang dalaga dahil sa hindi nito pagtitiwala sa kaniya.

Dahil sa kakaisip ay puyat ang dalaga. Natapos ito matapos mabalitaan na nakalaya na ang mga mag-aaral at si Basilio na lamang ang nasa bilangguan. Isinuot ni Huli ang kaniyang magandang damit, nag-ayos at nagpasama kay Hermana Bali. Palapit sa kumbento ay marami siyang narinig na bulungan at nagdalawang-isip na tumuloy. Nainis ang Hermana at niyaya na siyang umuwi.

“Sige, umuwi na tayo. Hayaan mo na lamang na patayin si Basilio. Kapag patay na siya saka ka magsisi”. Naudyukan si Huli kung kaya’t tumuloy. Nagkaroon ng bulung-bulungan sa pagtungo ng isang matandang babae at isa pang may gulang sa kumbento.

Samantala, isang lalaki ang nagtungo sa kumbento at nagwawala. Mag-aalas otso na at pitong prayle umano ang nagpupulong sa kumbento. Kinabukasan wala na si Tandang Selo dala ang kaniyang gamit sa pangangaso.

KABANATA XXXII ANG IBINUNGA NG MGA PASKIL

Nagsiuwian ang mga mag-aaral sa bunsod ng mga nagdaang kaganapan. Karamihan ay hindi pumasa sa pagsusulit.

Kabilang sa mga hindi pumasa ay sina Tadeo, Pecson at Juanito Pelaez. Masayang tinanggap ni Pecson ang kaniyang kalabasa samantalang si Tadeo ay nagkaroon ng mahabang bakasyon at sinunog ang mga aklat. Si Juanito Pelaez ay hindi naging masaya sa pagsama sa ama upang mangalakal. Agad namang nagpunta si Makaraig sa Europa. Sina Isagani at Sandoval ang tanging pumasa. Ipinasa ni Sandoval ang lahat ng asignatura samantalang si Isagani ay ang kay Padre Fernandez lamang.



Natira sa kulungan si Basilio. Nililitis ang kaniyang kaso tuwing ikatlong araw ngunit walang pagbabago. Mula sa kutsero ay nabalitaan ni Basilio ang

pagkamatay ni Huli at pagkawala ni Tandang Selo.

Si Simoun ay nailathala sa pahayagan. Magbibigay siya ng piging bilang pasasalamat. Napabalita ring sasabay na siya kay Kapitan Heneral na matatapos ang panunungkulan sa Mayo. Buwan ng Abril at kalat na ang balita sa pagpapakasal nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez.

“May tao talagang suwerte”, sabi ng mga taong inggit kay Don Timoteo.

Naglaho ang pag-ibig ni Paulita kay Isagani matapos ilagay ang sarili sa panganib dahil sa pagsuko ng kusang-loob. Tinimbang niya ang pag-ibig kay Isagani kumpara kay Juanito na alam niyang mayamang Kastila at maliksi.

Napayapang dumaan ang Mahal na Araw na nagliban sa pagpapagiba ng artilyero sa mga bahay-pawid. Dinalaw naman ni Simoun ang mga nawalan ng bahay.

Nawala na ang takot ng mga tao sa Maynila. Abala ang lahat sa piging para kay Kapitan Tiyago. Si Simoun ang nag-ayos ng lahat para sa nalalapit na kasalan kung saan ninong ang Heneral. Nangalap ang buong Maynila na maanyayahan, maging kaibigan si Simoun gayundin si Don Timoteo Pelaez.

Pagkatapos mabasa ang ilang kabanata sa itaas, ating tayain ang lebel ng iyong pag-unawa sa teksto. Kung gayon, iyong sagutin ang mga inihandang katanungan sa ibaba.

Gawain: Pag-unawa sa Binasa

Panuto: Bilugan ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Bakit tinawag na makasalanan si Juli?
 - a. Dahil siya ay ginahasa ng isang pari.
 - b. Sapagkat hindi siya marunong magdasal.
 - c. Dahil namatay siya nang hindi nakapagkukumpisal.
 - d. Sapagkat iniwan niya ang ama at nagpaalipin sa isang Hermana.

2. Sino ang paring may taguring “kabayo”?
 - a. Padre Camorra
 - b. Padre Fernandez
 - c. Padre Salvi
 - d. Padre Irene

3. “Sige, umuwi na tayo. Hayaan mo na lamang na patayin si Basilio. Kapag patay na siya saka magsisi”. Ang pahayag na ito ay tinuran ni _____.
 - a. Basilio
 - b. Hermana Bali
 - c. Hermana PENCHANG
 - d. Huli

4. Sino ang tanging mag-aaral na naiwan sa kulungan?
 - a. Basilio
 - b. Juanito Lelaez
 - c. Pecson
 - d. Sandoval

5. “May tao talagang suwerte”, ito ay sinambit para kay _____.
 - a. Don Timoteo
 - b. Kapitan Heneral
 - c. Kapitan Tiyago
 - d. Padre Fernandez

6. Siya ang naging punong-abala sa kasalan nina Juanito Pelaez at Paulita Gomez.
 - a. Don Timoteo
 - b. Kapitan Tiyago
 - c. Simoun
 - d. Sandoval

7. Ano ang dahilan ng lalong pagkabagabag ni Huli sa nangyari kay Basilio?
 - a. Dahil kailanman ay hindi na ito makalalaya pa.
 - b. Sapagkat hindi niya ito magawang tulungan upang malakaya.
 - c. Dahil nalaman nitong lubos na pinahihirapan si Basilio sa kulungan.
 - d. Sapagkat nalaman nitong siya at ang kaniyang ama ang dahilan ng kaniyang pagkakakulong.

8. Bakit lumuwas ng Maynila si Basilio?
 - a. Upang hanapin ang matagal nang nawawalang ina
 - b. Para humingi ng tulong para sa pagpapatayo ng akademya
 - c. Upang kunin ang kaniyang natipong kuwalta na gagamitin sa pagtubos kay Huli
 - d. Para magliwaliw at kalimutan ang mga suliraning pinagdadaanan ng kaniyang kasintahan

9. Sino ang ama ni Huli?
 - a. Basilio
 - b. Kapitan Tiyago
 - c. Juanito
 - d. Kabesang Tales

10. Ano ang nag-udyok kay Huli para puntahan si Padre Camorra?
 - a. Upang muling maglingkod sa Diyos
 - b. Para pumasok sa simbahan bilang madre
 - c. Upang humingi ng tulong para mahanap si Basilio
 - d. Para humingi ng tulong para mapalaya sa kulungan si Basilio



Suriin

Mahalagang malaman ~~na~~ ang wastong paraan ng paghahambing ng mga pangngalan. Upang maging bihasa rito, ay iyong basahin at unawain ang pagpapaliwanag na makikita sa kahon sa ibaba.

Alamin mo....

Pahambing o Komparatibo- Ginagamit ito kung naghahambing ng dalawang antas o lebel ng katangian ng tao, bagay, ideya, pangyayari at iba pa.

Dalawang Uri ng Paghahambing:

- a. Pahambing na magkatulad – Ginagamit ito kung ang dalawang pinaghahambing ay may patas na katangian. Gumagamit ito ng panlaping ka, magka, ga, sing, kasing, magsing, at magkasing at mga salitang paris, wangis/kawangis, gaya, tulad, hawig/kahawig, mistula, mukha/kamukha.
- b. Pahambing na Di-Magkatulad – nagbibigay ito ng diwang pagkakait, pagtanggì o pagsalungat sa pinatutunayang pangungusap.

Dalawang Uri ng Hambingang Di-Magkatulad:

- a. Hambingang Pasahol – may higit na katangian ang pinaghahambingan sa bagay na inihahambing. Ito ay ginagamitan ng mga panlaping lalo, di-gasino, di gaano at di totoo.
- b. Hambingang Palamang – May mahigit na katangian ang inihahambing sa bagay na pinaghahambingan. Gumagamit ito ng mga salitang lalo, higit/mas, labis at di-hamak.

Ngayon ay ating sukatin ang lebel ng iyong pag-unawa sa pagpapaliwanag sa konseptong nasa itaas. Iyong sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Paghusayan mo!



Pagyamanin

Gawain 1: Hamingang Pasahol o Hamingang Palamang?

Panuto: Isulat ang **HPS** sa patlang kung ang paghahambing sa pangungusap ay HAMBINGANG PASAHOL at **HPL** kung ito ay HAMBINGANG PALAMANG.

- _____ 1. Sa kabila ng pang-aalipusta kay Huli ay mas pinili nitong manahimik na lamang.
- _____ 2. Di-gasinong nakaapekto kay Huli ang masasamang salita ni Hermana Penchang.
- _____ 3. Ang mga desisyon ni Huli ay di-gaanong nakatulong upang matulungan ang kabesa.
- _____ 4. Sinamahan ng Hermana si Huli sa di-gaanong malayong lugar.
- _____ 5. Ang mga pinagdaanan ni Huli ay di-hamak na mahirap kaysa kay Basilio.
- _____ 6. Ang pagdarasal ni Huli ay di-gaanong maayos ayon kay Hermana Penchang.
- _____ 7. Mas matapang si Kabesang Tales kaysa kay Tandang Selo.
- _____ 8. Mas masunurin si Huli kaysa sa ibang kadalagahan sa San Diego.
- _____ 9. Lalong nangamba si Huli nang malamang nakapinid sa bilanguan si Basilio.
- _____ 10. Di gasinong malakas ang loob ni Maria Clara di tulad kay Huli.

Gawain 2: Punan Mo Ako

Panuto: Salungguhitan ang wastong katagang naghahambing ang bawat upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Sa kabila ng pinagdaanang hirap ni Kabesang Tales ay (mas, lalo) pinili nitong maging matatag para sa kaniyang pamilya.
2. (Mas, Higit na) naapektuhan si Tandang Selo sa kasawian ng kaniyang pamilya.
3. (Mas, Lalong) nagmatigas si Huli na humingi ng tulong nang malamang nakakulong pa rin si Basilio.
4. (Higit na, Lalong) napamahal si Basilio kay Huli dahil sa mga sakripisyo nito para sa dalaga.
5. Hindi maitatangging (di gaanong, lalong) naging matapang si Kabesang Tales kaysa kay Tandang Selo.

Natutuhan mo na ang wastong gamit ng mga salitang nagpapakita ng paghahambing, ngayon ay ihanda ang iyong sarili sapagkat iyo nang tatalakayin ang ilang mga kabanata ng El Filibusterismo.

Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan

Pagkatapos basahin ang mga kabanata, ating linangin ang iyong bokabularyo. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan sa ibaba.

Panuto: Tukuyin mo ang kasingkahulugan sa Filipino ng mga salitang hiram sa wikang Espanyol.

1. Hindi totoong ayaw ni Hermana Penchang na umalis si Huli dahil ito ang nagdarasal para sa kaniya tulad ng mga Prayle.

		R	
--	--	---	--

2. Si Basilio ang tumungo sa Maynila upang kumuha ng Kuwalta.

	E		
--	---	--	--

3. Nagkaroon ng bulung-bulungan sa pagtungo ng isang matandang babae at isa pang may gulang sa kumbento.

S						A	
---	--	--	--	--	--	---	--

4. Mula sa kutsero ay nabalitaan ni Basilio ang pagkamatay ni Huli at pagkawala ni tandang Selo.

D			Y			R
---	--	--	---	--	--	---

5. Si Huli ay tunay na suwerte sapagkat labis ang pagmamahal sa kaniya ni Basilio.

M						D
---	--	--	--	--	--	---



Binabati kita! Mahusay mong naisagawa ang naunang gawain. Paghusayin pang lalo sa susunod na mga aktibidad.

Gawain 4: Iugnay Mo!

Panuto: Iugnay ang mga sitwasyong nakalahad sa **Hanay A** sa mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan. Isulat ang sagot sa mga kahon sa **Hanay B**.

Hanay A		Hanay B
Pag-abuso sa kapangyarihan	→	
Pagpapaalipin kapalit ng salapi	→	
Paniniwala sa mga pamahiin	→	
Pagpaparusa sa mga inosenteng mamamayan	→	
Pakikipaglaban para sa karapatang pantao	→	

Alamin mo....

Ang Teoryang Realismo ay nakasentro sa katotohanan at may layuning ilahad ang tunay na buhay. Pinapaksa nito ang kalagayan ng lipunan tulad ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon. Madalas din itong nakatuon sa lipunan at gobyerno.

Pagkatapos malaman ang ilang lapit at pananaw sa pagsusuri ng panitikan. Tukuyin naman natin ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari sa binasang kabanata. At matutukoy natin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa susunod na gawain.

Gawain 5: Bawal Judgmental

Panuto: Iguhit ang 😊 kung ang pangyayari ay makatotohanan at ☹️ kung ang pangyayari ay di-makatotohanan.

- _____ 1. Si Basilio ang tanging kabataang natira sa kulungan.
- _____ 2. Nagpakamatay si Huli sa kumbento.
- _____ 3. Dahil sa dami ng problema ng pamilya ni Huli ay napipi ang amang si Kabesang Tales.
- _____ 4. Sinamahan ni Hermana Penchang si Huli na humingi ng tulong kay Padre Camorra.
- _____ 5. Si Basilio ay tumungo sa Maynila upang humanap ng perang pantubos kay Huli.



Isaisip

Gawain: Isulat Mo, Natutuhan Mo

Panuto: Punan ng sagot ang talahanayan sa ibaba.


Natutuhan ko sa bahaging ito na.....	Mahalagang pag-aralan ito dahil.....
a.	a.
b.	b.
c.	c.



Karagdagang Gawain

Gawain: Paghambingin Mo

Panuto: Tukuyin ang pagkakatulad ng dalawang tauhang makikita sa ibaba. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.



Napakahusay mo! Matagumpay mong naisagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito. Ipagpatuloy ~~mo~~ ang kahusayang ipinamalas mo sa bahaging ito!



Susi sa Pagwawasto

1. HPL
2. HPS
3. HPS
4. HPS
5. HPL

Gawain 1

Pagyanmanin

1. B
2. A
3. D
4. A
5. A
6. C
7. D
8. C
9. D
10. D

Tuklasin

1. Tata Selo
2. Tata Selo
3. Padre Sibyla
4. Kabesang Tales
5. Prayle

Balikan

1. Pahambing o Komparatibo
2. Pahambing na Di-Magkatulad
3. Hambingang Palamang
4. Pahambing na Magkatulad
5. Hambingang Pasahol

Gawain 3

Gawain 2 – Nakabase sa pagpapaliwanag ng mag-aaral

1. Nakabase sa pagpapaliwanag ng mag-aaral
2. Nakabase sa pagpapaliwanag ng mag-aaral
3. Nakabase sa pagpapaliwanag ng mag-aaral

Gawain 1

Subukin

6. HPS
7. HPL
8. HPS
9. HPL
10. HPS

Gawain 2

1. mas
2. higit
3. mas
4. higit na
5. di-gaano/di-gasino

Gawain 3

1. Pari
2. Pera
3. Simbahan
4. Drayber
5. Mapalad

Gawain 4- Nakabase sa opinyon ng mag-aaral

Gawain 5

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☺

Isaisip - Nakabase sa opinyon ng mag-aaral

Isagawa -Nakabase sa opinyon ng mag-aaral

Tayahin - Nakabase sa opinyon ng mag-aaral

Karagdagang Gawain -Nakabase sa opinyon ng mag-aaral

Sanggunian

- De Guzman, Ma. Odulio. 1960., Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore.
- De Vera, Estrella E, et al, 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore
- Nem Singh, Eosario P. 2003 , El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal, Binagong Edisyon, ISA-JECHO PUBLISHING
- Marasigan, Emily V. 2017 Pinagyamang PLUMA 10 (k to 12), Karapatang-ari ng Phoenix Publishing House, Inc.
- Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Unang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.
- Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Ikalawang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph